PANGALAN_____SEKSYON_____

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagbibigay ng angkop na pagpapakahulugan sa salitang may salungguhit batay sa pagkakagamit sa pangungusap.

1. Maraming **plastik** sa mundo kayat di dapat agad-agad na magtiwala.
   A. Sisidlan na yari sa materyal na plastic
   B. Taong may mapagkunwaring ugali.

2. **Mapait** na karanasan ang sinapit ng ina sa pagtratrabaho sa ibang bansa.
   A. Isang uri ng panlasa o lasa ng pagkain
   B. Kabiguan o paghihirap na dinanas sa buhay

3. Ang **lakas ng hangin** ang taong nakausap ko kanina.
   A. Mayroong mayabang nap ag-uugali
   B. Nararamdamang dumadampi sa balat ngunit di nakikita

4. Napakaganda ng panahon kapag kulay **bughaw ang langit.**
   A. Bahagi ng mundo na natatakpan ng ulap
   B. Pakiramdam ng taong walang problema

5. Tadtad ng **barya** ang binti ng dalaga.
   A. Uri ng pera na yari sa tanso
   B. Markang naiwan sa balat matapos maghilom ng sugat

6. Binigyan siya ng rosas na **pula** na noong araw ng mga puso.
   A. Isang uri ng kulay na kawangis ng dugo
   B. Nagpapahiwatig ng pagrnamahalan

7. Hindi kailanman matutumbasan ng kahit ano pa mang **ginto** ang pagtulong sa kapwa.
   A. Isang uri ng metal na kumikinang
   B. Karangyaan o kayamanan

8. Isang **ahas** na kaibigan si Nicole dahil inagaw nito ang nobyo ng kanyang kaibigan.
   A. Isang uri ng reptilya na makamandag
   B. Isang taong traydor

9. Masakit ang kanyang lalamunan dahil sa laki ng **tinik.**
   A. Matulis na bahagi ng isda
   B. Pagsubok sa buhay

10. Hindi siya gusto ng kanyang empleyado dahil **bato** ang kanyang puso.
    A. Matigas na bagay.
    B. Walang pakiramdam.

LIVEWORKSHEETS